

ULAN SA YERO

(PARA KAY DIWATA)

JERIC JIMENEZ

parang awit ang mga patak ng ulan sa yero.
paulit-ulit, umuulit-ulit, walang sawang
sumusulat ng tula ng pag-ibig.
ilang ulit na ba akong ganito?
ilang beses na bang dumaloy
ang mga salitang mahal, minamahal, nagmamahal?
Hindi ko na alam.
pero parang araw-araw, buwanbuan, minu-minuto.
tulad ng di ko na alam kung kailan ko huling nasilayan
ang mga palayan sa Pangasinan.
tulad ng paglimot sa mga pagkakataon
'pag di kita nasisilayan o walang pumapatak na ulan sa yero.
dahil walang pinipiling araw, buwan o minuto ang pag-ibig
dahil di ito naghahanap ng dahilan
dahil di ito inaasahan
dahil awitin ang bawat imbay ng 'yong katawan
sa 'king mga mata tuwing sumasayaw ka.
At dahil sa 'yong pagsayaw,
pumapatak sa damdamin ang mga galaw
hanggang sa di ko namalayang ako'y nalulunod
hanggang sa di ko namalayang dumadaloy sa ugat ang pagsuyo.
parang awit ang mga patak ng ulan sa yero:
malambing, tahimik, nagmamahal.